

Ang Kris ni Lapulapu at ang Unang Sirkumnabigasyon ng Daigdig¹

JOURNAL DOI <https://doi.org/10.31944>
ISSUE DOI <https://doi.org/10.31944/20229503>
ARTICLE DOI <https://doi.org/10.31944/20229503.01>

Ramon Guillermo

Center for International Studies
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Abstract

The essay is a reinterpretation of the global significance of Lapulapu and Enrique de Malacca (also referred to in Malaysia as Panglima Awang) within the historiography of European capitalist modernity. Though the philosopher Enrique Dussel had earlier argued that the birth of European modernity was in 1492 with Columbus' arrival in the Americas, it is here argued that the more fitting date should be 1521. The first planetary act coincides with the birth of modernity. Hegel's distinction between "bad" and "genuine" infinity is employed to bring out the actual universal significance of the first planetary act of circumnavigation wherein both Europe and "non-Europe" ("India" and its "indios") finally come face-to-face and fully become mutually constitutive. On the one hand, if Ferdinand Magellan's circumnavigation was the first planetary act, Lapulapu's intervention in defense against invaders was the first disruption of this first universal European act. On the other hand, Magellan's Malay companion in the first circumnavigation of the globe, Enrique de Malacca, can be considered as the embodiment or symbol of the first alternative non-European, universal. Jose Rizal's subsequent deployment of the concept of "Malay" is then reinterpreted as an effort to resituate the nationalist Filipino struggle for independence within a larger, more universal frame. In other words, a racial category like "Malay," with all of its problematic aspects, is reread as a

possible stand-in for universality. Paraphrasing Rizal, the “Indio” could not be turned into an animal by the colonizers because the “Indio” as “Malay” is always and indelibly a “human being” in all its universality. As a symbolic pair that combines both the disruption and contestation of European universality, Lapulapu and Panglima Awang seem to point to the overcoming of European capitalist modernity. This overcoming is not understood as a simple negation of Europe but as a comprehensive surpassing of its limited horizon. This surpassing requires the exploration of new socialist universalisms able to actualize themselves as concrete universals in different sites of struggle. Such a project can be seen as the continuation of the spirit of the Bandung Conference of 1955. Finally, the essay includes “post-European” reinterpretations of Hegel’s Master-Slave dialectic, Theodor Adorno and Max Horkheimer’s critique of Enlightenment, and Walter Benjamin’s theory of translation.

Keywords

Lapulapu, Panglima Awang, Philippine Quincentennial, Malay, Jose Rizal

Nang naglayag si Christopher Columbus (1451–1506) sa direksyong Kanluran papatawid ng Karagatang Atlantiko mula Europa, inakala niyang naabot na niya ang Timog Asya pagdating sa Amerika noong 1492 (Kelsey xiv). Ito diumano ang dahilan kung bakit binansagan ang mga katutubong naninirahan doon bilang mga “Indio.” Inakala ni Columbus na naikot na niya ang daigdig kahit hindi pa pala niya nagagawa. Hindi pa niya naipagtatagpo sa mapa ng daigdig ang mga linya na iginuhit mula Europa patungo sa magkabilang direksyong silangan at kanluran. Bago nagtagpo ang dalawang linya na ito upang bumuo ng isang bilog ay hindi pa matiyak ang kanilang mga dulo. Hindi pa nalalaman ang lawak ng espasyo na kailangan nilang baybayin at pagdaanan bago magsalubong.

Sinasabing ang dalawang posibleng unang sirkumnabigador ng daigdig ay ang Portuges na si Ferdinand Magellan (1480–1521) at ang binyagang Orang Melayu na pinangalanang Enrique de Malacca (Kelsey 25–27). Gayumpaman, nakamit ito ng dalawang indibidwal na nabanggit sa pamamagitan ng dalawang magkahiwalay na paglalakbay. Ang una ay ang biyahe ni Magellan pauwi mula Melaka patungong Lisbon noong 1513, kasama ang kanyang alipin at tagasalin na si Enrique. Ang ikalawa naman ay ang kanilang paglalakbay pakanluran mula Sevilla na umabot ng Limasawa noong 1521. Ayon kay Antonio Pigafetta (c. 1491–c. 1531), naunawaan kaagad ng ilang pinuno sa Limasawa ang wikang sinasalita ni Enrique. Ibig sabihin ay nakabalik na sila sa parehong dako ng daigdig na dating pinanggalingan ni Enrique. Malamang sa hindi ay Bahasa Melayu ang sinasalita ni Enrique dahil ito ang umiiral noong *lingua franca* sa bahaging ito ng daigdig na binansagang Dunia Melayu (Salazar, “The Malay World” 112). Sa ganitong paraan, sa pinakaunang pagkakataon sa kasaysayan ng tao, naipagtagpo sa pakahulugang praktikal at metaporikal ang dalawang linya na iginuhit mula Europa patungo sa magkabilang direksyon.

Maaalala rito ang ginawang pag-iiba ng pilosoper na German na si Georg Wilhelm Friedrich Hegel (1770–1831) sa pagitan ng “masamang kawalang-hangganan” (*schlechte Unendlichkeit*) at “tunay na kawalang-hangganan” (*wahrhafte Unendlichkeit*) (*Wissenschaft* 164). Ayon sa kanya,

Ang hindi totoo ay ang hindi maaabot; at mababatid na ang ganitong uri ng kawalang-hangganan ay ang hindi totoo.—Ang larawan ng pagsulong sa kawalang- hangganan ay ang tuwid na linya, at laging nasa dalawang dulo nito ang kawalang-hangganan, at laging naroroon lamang sa hindi nito pag-iral—dahil ito ay pag-iral— kung saan ito umuunat sa sarili nitong hindi pag-iral, sa ibang salita, sa hindi natitiyak. Ang larawan ng tunay na kawalang-hangganan, na umuunat pabalik sa sarili nito, ay ang bilog, ang linya na dumurugtong na sa sarili nito, sarado at ganap na naririto ngayon, walang simula at walang katapusan. (164; *Das Unwahre ist das Unerreichbare; und es ist einzusehen, daß solches Unendliche das Unwahre ist.— Das Bild des Progresses ins Unendliche ist die gerade Linie, an deren beiden Grenzen nur das Unendliche [ist] und immer nur ist, wo sie—und sie ist Dasein —nicht ist, und die zu diesem ihrem Nichtdasein, d. i. ins Unbestimmte hinausgeht, als wahrhafte Unendlichkeit, in sich zurückgebogen, wird deren Bild der Kreis, die sich erreicht habende Linie, die geschlossen und ganz gegenwärtig ist, ohne Anfangspunkt und Ende.*)

Hangga't hindi naipagtatagpo ang dalawang dulo ng linya upang lumikha ng isang bilog ay maaari lamang magkaroon ng tinatawag niyang “masamang kawalang-hangganan” (*schlechte Unendlichkeit*) patungo sa dalawang direksyon. Bago makamit ang unang sirkumnabigasyon ng daigdig ay maaari lamang makatisod ang mga Europeo ng isang “masamang kawalang-hangganan” ng mga “India” sa kanilang mga paglalayag mula Europa patungo man sa malayong Kanluran o sa malayong Silangan: India¹, India², India³, India⁴ . . . India^x. Ang bawat “India” ay tumutuloy lamang sa “ibang India,” at ang “ibang India” na ito ay isa ring “India” na tumutukoy muli sa “ibang India.” Samakatwid, ang nalalaman lamang ay ang walang hanggang dibersidad ng mga “India” at hindi ang kaisahan ng “India.” Taliwas nito, kapag nagagap na ang “India” bilang isang kabuuan, maaari na nitong tukuyin, hindi ang mga walang katapusang “ibang India,” kundi ang “hindi-India” o ang “Europa.” Kabaligtad nito, ang tutukuyin naman ng “Europa” ay ang “hindi-Europa” o ang “India” sa kabuuan nito. Sa ganitong paraan ay nakakamit ang “mabuting kawalang-hangganan” na sa anyo ng bilog na naglalarawan ng pagkilos palayo at pabalik sa sarili : “Europa”-“hindi-Europa”/“India -“hindi-India”/“Europa.” Samakatwid, nagkakaroon lamang ng kahulugan at tiyak na hugis ang “Europa” kahirap ng “hindi-Europa”/“India” at *vice-versa*. Hindi

makikilala ng Europa ang sarili nito bilang kabuuan hanggang hindi nito nakakaharap din ang India bilang kabuuan.

Totoo na nauna nang ilang dantaon ang pagkaunawa sa daigdig bilang globo. Ngunit ang dambuhalang agwat sa pagitan ng nalakbay na ng mga Europeo sa direksyong patungong silangan at ng nalakbay na patungong kanluran ay isang “ibayo” na lampas sa kaalaman at hindi mailarawan. Ang pinakamatandang natitirang globo, ang Erdapfel (1492) ni Martin Behaim, ay hindi naglalarawan (at hindi maaaring makapaglarawan) ng mga kontinente ng Amerika at ng Dagat Pasipiko. At dahil hindi pa nito nagagagap ang kabuuan ay hindi pa masaklaw ng katwirang Europeo ang buong daigdig, ang “Europa” at “hindi-Europa” bilang espasyo ng ehersisyo ng absolutong kapangyarihan nito. Mahalaga ang sandaling ideolohikal na ito sa magaganap na proseso ng materyal na integrasyon ng lahat ng lipunan sa planeta sa iisang pandaigdigang sistemang kapitalista na tumatagal na ng ilang dantaon hanggang sa kasalukuyan. Mula sa puntong ito masasabing lumitaw ang “Eurosentrismo” bilang isang ideolohiya (Amin 154).

Masasabi sa gayon na ganap lamang na isinilang ang modernong suhetong Europeo (o “modernong kaloobang Europeo,” susubukan ditong isalin/ibahin ang “suheto” bilang Tagalog na salitang “kalooban”) noong 1521 nang nakamit ng kabihasnang Europeo ang “unibersal na abot-tanaw” sa pamamagitan ng unang sirkumnabigasyon ng daigdig (Ferriols; Thao 898). Taliwas ito sa palagay ng pilosoper na Argentinian na si Enrique Dussel na nagpalagay na isinilang ang modernong kaloobang Europeo noong 1492, nang nakarating si Columbus sa Amerika at sinimulan ang brutal na pananakop ng Europa sa “Otro” o “Iba.” Ayon kay Dussel, “Isinilang’ [ang modernidad] nang nakaharap ng Europa ‘ang Iba’ at napailalim ito sa kanyang kontrol, sinakop, at ginahis; kung kailan pwede maunawaan nito ang sarili bilang isang ‘ego’ na tagatuklas, tagalupig, tagasakop ng Iba na nagbibigay hugis sa mismong modernidad” (8; *Pero “nació” cuando Europa pudo confrontarse con “el Otro” y controlarlo, vencerlo, violentarlo; cuando pudo definirse como un “ego” descubridor, conquistador, colonizador de la Alteridad constitutiva de la misma Modernidad*). Malinaw na mas angkop ang unang sirkumnabigasyon bilang pananda ng

pagsakop sa “Iba,” sapagkat ang naaabot lamang ni Columbus ay ang “mga iba” sa kawalang-hangganan ng mga ito, at hindi ang “Iba.”

Tunay na nagsimula sa unang engkwentro ni Columbus sa mga “Indio” ng Amerika ang bayolente at rasistang proyekto ng mga Europeo ng pananakop sa ibang mga kabihasan at pang- aalipin sa ibang mga lahi. Mahalagang petsa ang 1492 sa proseso ng pagsilang ng modernong kaloobang Europeo, ngunit ang depinitibong kapanganakan nito ay masasabing naganap noong 1521, sapagkat bago nito, kaharap ang masamang kawalang-hangganan ng mga India, ay hindi pa totoong nakakaharap ng Europa ang unibersal na “*Otro*” o “Indio” sa planetaryong antas. Pagkaraan lamang ng 1521 matatanaw ng kaloobang Europeo ang kabuuan ng daigdig na nakalatag sa harapan nito sa imahe ng isang kumpletong mapa o globo. Sa pamamagitan ng materyal at teknolohikal na superyoridad ng Europa, ipapailalim nito ang lahat ng halaman, kulisap, hayop, tao, lupain, kabundukan, at karagatan sa kanilang pananakop. Maglulunsad ang mga Europeo ng marami pang eksplorasyon sa lahat ng posibleng direksyon, ngunit wala nang maituturing na ganap na nasa labas o nasa ibayo ng kanilang abot-tanaw (Sloterdijk 34). O, higit pang eksakto, wala nang maiisip o mahihinagap ang kaloobang Europeo sa labas ng kanilang nakamit na unibersal na abot-tanaw. Mula rito’y mauunawaan lamang nito ang saysay at kahulugan ng lahat ng bagay ayon sa pagkakaugnay nito sa kanyang sarili at sa kanyang kasaysayang unibersal.

Tutubo mula sa potensyal at praktikal na dominasyon ng daigdig ng modernong kaloobang Europeo ang mga ideyalistang pilosopiya ng Europa. Ayon nga kina Theodor Adorno at Max Horkheimer, nagsimula pa ito kay Francis Bacon (1561–1626),

Mula pa sa simula, ang Kaliwanagan, sa pinakamalawak na pakahulugan nito bilang progresibong pag-iisip ay naglayong iwaksi ang damdamin ng takot sa mga tao at ilagay sila sa puwesto ng mga panginoon. Ngunit ang ganap na naliwanagang daigdig ay kumikinang sa signos ng pananagumpay ng walang kaparis na kapahamakan. (13; *Seit je hat Aufklärung im umfassendsten Sinn fortschreitenden Denkens das Ziel verfolgt, von den Menschen die Furcht zu nehmen und sie als Herren einzusetzen. Aber die vollends aufgeklärte Erde strahlt im Zeichen triumphalen Unheils.*)

At, bagamat hindi ito binabanggit nina Adorno at Horkheimer, walang ibang dumanas ng pinakamatinding ruok ng “malaking kapahamakan” na ito kundi ang mga marahas na sinakop na mga pamayanan at kabihasan sa Asya, Africa, at Latin America. Lahat ng bagay ay sakop na ng kanilang kapangyarihan, dahil wala nang hindi sakop ng kanilang kaalaman. Ito ang binansagan nina Adorno at Horkheimer na “*Prinzip der Immanenz*” (prinsipyo ng pagkapanloob) o “*Prinzip der Gleichheit*” (prinsipyo ng pagkakatumbas). Pagkaraan ng sirkumnabigasyon ng daigdig, ang lahat ay nakapaloob na, at ang lahat ay magkakatumbas. Ayon nga kina Adorno at Horkheimer,

Ang prinsipyo ng pagkapanloob ng Kaliwanagan na iginigiit na ang bawat pangyayari ay pag-uulit lamang laban sa imahinasyong mitikal, ay ang mito mismo. Ang tuyot na paniniwala na walang kinikilalang bago sa ilalim ng sikat ng araw, sapagkat nailaro na ang lahat ng piyesa ng walang katuturang laro, na ang lahat ng dakilang kaisipan ay naisip na, na ang lahat ng posibleng matuklasan ay mahihinuha na bago pa matutuklasan . . . ang lahat ng maiiba pa ay ipinagtutumbas. (23; *Das Prinzip der Immanenz, der Erklärung jeden Geschehens als Wiederholung, das die Aufklärung wider die mythische Einbildungskraft vertritt, ist das des Mythos selber. Die trockene Weisheit, die nichts Neues unter der Sonne gelten läßt, weil die Steine des sinnlosen Spiels ausgespielt, die großen Gedanken alle schon gedacht, die möglichen Entdeckungen vorweg konstruierbar . . . Was anders wäre, wird gleichgemacht.*)

Sa madaling salita, para sa kaloobang Europeo ay wala nang anumang bago sa ilalim ng sikat ng araw. Ang lahat ng piyesa ng walang katuturang laro ay nailaro na ng mga Europeo, ang lahat ng dakilang kaisipan ay naisip na ng mga Europeo, ang lahat ng maaaring matuklasan ay natuklasan at matutuklasan ng mga Europeo. Isinasaad sa mga modernong pilosopiya ng Kaliwanagan na hindi posibleng maisip o mahinuha man lamang ang pag-iral ng anumang bagay kapag hindi ito naiuugnay o nakaugnay sa unibersal na kaloobang Europeo. Sa isang iglap, biglang nakasalalay na sa pagtanaw ng kaloobang Europeo ang pag-iral ng isang tarsier sa Bohol at pati ang mga puno at mga bundok nitong tinitirhan, kahit libo-libong taon na silang umiral sa nakaraan. Tututol sa ganitong kahambugang Europeo si Macli-ing Dulag na naniwalang hindi maaaring ariin ng tao ang lupa, dahil ang lupa ang may-ari

sa tao. May pilosoper din na nagsabing, “walang nasa labas ng teksto” (*Il n’y a pas de hors-texte*) (Derrida 158). Marami raw misinterpretasyon sa pangungusap na ito pero higit na mauunawaan ang praktikal at kongkreto nitong kahulugan kapag isinalin ito muli bilang, “walang nasa labas ng tekstong Europeo.” Sapagkat may nalalaman ba silang mga teksto lampas sa mga teksto ng Europa (Ahmad 3–25)? Kahit ang mga tinatawag nilang mga “diyaloikal” na pilosopiya ay lumalabas na mga monologo lang ng mga Europeo. Ang tunay na anyo ng diumanong “ideyal na sitwasyon ng pag-uusap” (*ideale Sprechsituation*) ay ang maginhawang pagtatalastasan ng mga Europeo sa kani-kanila lamang (Habermas 25). Ang pagsalita o pagsulat sa isang wikang hindi Europeo ay katumbas ng hindi pagsalita o pagsulat. Hindi ito naririnig ng kanilang bining pamimilosopiya. Kung gayon, upang higit na madaling maintindihan ang serye ng mga ipinapangalandakang unibersal na pilosopikal na kategorya tulad ng “suheto” (“kalooban”), “kamalayan,” at “wika” ay kailangang isalin bilang “suheto (kalooban) na Europeo,” “kamalayang Europeo,” at “wikang Europeo” (Losurdo 72). Sa ganitong paraan lamang mauunawaan ang ibig sabihin ng kalakhan ng kanilang pamimilosopiya simula ng taong 1521. Sinabi nga minsan ni Theodor Adorno (1903–69) na, “ang kabuuan ay ang kasinungalingan” (80; *das Ganze ist das Unwahre*). Kasinungalingan ito sa pakahulugan na ang “kabuuan” (*Totalität*) na walang kahihyang inaangkin ng kamalayang pilosopikal ng Europa ay umiinog lamang talaga sa makitid at limitado nitong abot-tanaw. Ang unibersalidad nito ay nakasalalay sa pagbura, paglimot, at pagpuksa sa mga hindi mabilang na daigdig sa labas ng Europa.

Sa loob ng absolutong abot-tanaw ng modernong kaloobang Europeo ay hindi maaari ang pag-iral ng isang nagngangalang Lapulapu. Magandang halimbawa dito ang muling pagsasalaysay ng Austrian na manunulat na si Stefan Zweig (1881–1942) hinggil sa pagkamatay ni Magellan. Ayon sa kanya,

Sa ganitong walang saysay na paraan natapos, sa kanyang pinakarurok at pinakadakilang sandali, ang pagsasakatuparan ng pinakadakilang mandaragat sa buong kasaysayan sa isang kahabag-habag na labu-labo sa sanlaksang hubad na mga taong-ista – isang henyoy, na tulad ni Prospero ay naging panginoon ng mga elemento, napagtagumpayan ang lahat ng bagyo,

at napaamo ang mga tao, ay babagsak lamang dahil sa isang katawa-tawang taong-insekto na nagngangalang Lapulapu! (171; *Auf derart sinnlose Weise endet im höchsten und herrlichsten Augenblicke der Erfüllung der größte Seefahrer der Geschichte in einem kläglichen Geplänkel mit einer nackten Insulanerhorde—ein Genius, der wie Prospero die Elemente gemeistert, der alle Stürme besiegt und Menschen bezwungen, wird gefällt durch ein lächerliches Menscheninsekt Silapulapu*).

Mas madalas na hindi binabanggit o nalilimot banggitin ang pangalan ni Lapulapu sa mga salaysay pangkasaysayan ng mga Espanyol at ng mga Europeo, ngunit sa pambihirang mga pagkakataon na naaalala siya tulad ng kaso ni Zweig ay ginagawa siyang katatawanan at hinahalintulad sa isang “insekto” na madali lang sana pinisa ng mga higitang Europeo. Kung papaniwalaan si Zweig, ang mga aksyon lamang ni Magellan ang may taglay na saysay at kabuluhan, samantalang ang mga aksyon ng isang tulad ni Lapulapu na ipinagtanggol lamang ang kanyang bayan mula sa mga mananalakay ay “walang saysay” (*sinnlos*) sa simula’t sapul. Isang nakakairitang sagabal lamang si Lapulapu sa pasulong na martsa ng kanilang kasaysayan. Kapansin-pansin din ang mapagmaliit at mapanglait na paggamit ni Zweig ng salitang “taong-*isla*” (*nackte Insulanerhorde*). Mababatid dito ang hindi nagbabagong terasentrikong pananaw ng mga Europeo na hanggang ngayon ay itinuturing ang lupa bilang pangunahing teatro ng kasaysayan sa kabila ng pangyayaring mahigit pitumpung porsyento ng ibabaw ng daigdig ay tubig (Sloterdijk 42). Sa dakilang tradisyong pangkasaysayan ng Europa ay naiiwan na lamang si Lapulapu bilang gitling sa pagitan ng dalawang dakilang pangalan sa pariralang “Ekspedisyong Magellan-Elcano.” Makikita sa gitling na ito ang bakas ng pagputol o panandaliang pagpigil ng kris ni Lapulapu at ng kampilan ng kanyang mga bagani sa unang byaheng sirkumnabigasyon ng daigdig na sinimulan ni Magellan. Si Juan Sebastián Elcano (1486/1487–1526) na ang nagtuloy ng paglalayag na ito bilang unang matagumpay na tuloy-tuloy na sirkumnabigasyon ng daigdig. Tinatakpan ng maliit na gitling na ito sa pagitan ng pangalan ng dalawang higitang Europeo ang pangalan ng isang Lapulapu na hindi karapat-dapat banggitin sa narasyon ng marangal

na kasaysayang unibersal ng Europa. May naniniwala pa ba na “nakaligtaan” lamang ng historyograpiyang Europeo si Lapulapu?

Marahil, isang intelektwal na tagalabas lamang tulad ni Walter Benjamin (1892–1940) ang makakadama ng problema ng ganitong uri ng “pagkamalilimutin” ng Europa kahit malinaw, at hindi maiiwasan, na nakapaloob pa rin ang kanyang perspektiba sa abot-tanaw ng Europa. Sinulat niya minsan na maaari lamang magagap ang tunay na kahulugan ng mga “dalumat na pang- ugnay” (*Relationsbegriffe*) kapag inunawa ang mga ito nang hiwalay sa “tao” (*Menschen*) (*Tableaux* 12). Magiging higit na makabuluhan at malinaw ang pahayag na ito ni Benjamin kapag pinalitan ang salitang “tao” ng salitang “Europeo.” Alinsunod sa halimbawa ni Benjamin, ang isang bagay na “hindi malilimutan” (*unvergeßlich*) ay hindi mababawasan ng katangian nitong “pagka-hindi-malilimutan” kahit pa nalimot na ito ng lahat ng tao. Samakatwid, kahit nalimot na ng mga Europeo si Lapulapu ay hindi nababawasan ang kanyang pagka-hindi-malilimutan. Tama pa rin ang predikeyt na ito. Ang nangyari nga lamang ay hindi naging tapat ang mga Europeo sa pagka-hindi-malilimutan ni Lapulapu. Hindi nila nakayanang matugunan ang hamon ng pagka-hindi-malilimutan na ito. Napapalitaw dito, sa interpretasyon ni Benjamin ng “dalumat na pang-ugnay,”ang kahambugan ng kaloobang Europeo sa paniniwala nito na ang nakapaloob lamang sa kanyang absolutong abot-tanaw ang dapat maalala at maaaring umiral. Pagkaraang maging Marxista ni Benjamin ay mauunawaan niya ito mula sa perspektiba ng inalipin (*Hinggil sa Konsepto* 37). Ayon sa kanya, ginagawa ng mga panginoon ang lahat upang malimutan mismo ng mga inalipin ang kanilang sariling mga tradisyon at alaala. Para kay Benjamin, mistulang dinamita ang mga alaala na ito kapag sumabog sa kamalayan ng mga alipin.

Si Lapulapu, na siyang pumutol sa pamamagitan ng kanyang kris ng unang sirkito ng unibersalismong Europeo, ay binigyang-alaala ni Jose Rizal (1861–96) sa kanyang mga anotasyon sa *Sucesos de las Islas Filipinas* (1609) ni Antonio de Morga (*Sucesos* 4–6). Bagama’t hindi binanggit ni de Morga si Lapulapu sa kanyang akda, dalawang beses siyang mababanggit sa salin ni Rizal ng salaysay ni Pigafetta na idinagdag niya bilang talababa.

Sa ganitong paraan ay inangkin at naging bahagi si Lapulapu ng alaala at tradisyon ng mga makabayan at rebolusyonaryong Pilipino ng ikalabinsiyam na dantaon. Sumilang sa mga makabayang Pilipino ang isang bagong abot-tanaw kung saan maaaring umiral nang marangal at maging makabuluhan ang mga bayani katulad ni Lapulapu. Ngunit para higit na maunawaan ang pagsilang ng bagong abot-tanaw na ito ay kinakailangan munang suriin ang transpormasyon ng “Indio” patungong “Pilipino.”

Ang “Indio” ay yaong ganap nang napasailalim bilang obheto ng dominasyon ng kaloobang Europeo. Sa gayon, sa partikular na konteksto ng Pilipinas noon, hindi matatawag na “Indio” ang mga “Moro” at “*Infiel*” (pagano) na hindi ganap na masakop-sakop ng mga Europeo (Salazar, “Orang-orang Indio” 178). Natural, sina Lapulapu ay hindi pa mga “Indio” noong 1521. Magaganap pa sa loob ng mga dantaong pananakop ng Espanyol ang tunay na pagsasa-“Indiyo” ng malaking bahagi ng populasyon ng arkipelagong magiging Pilipinas (Salazar, “Der Malaie” 145– 66). Sa higit na malawak na antas, maituturing ang pinagsanib na mga “Indio” ng “Silangang India” (*Indias Orientales*) at “Kanlurang India” (*Indias Occidentales*, na dating tumutukoy sa buong kontinente ng Amerika [“*Indias Occidentales*”]) bilang yaong ipinagsanib na “*Otro*” o “*Iba*” na sakop ng kaloobang Europeo. Sa katunaya’y ipinalagay ni Dussel na may malalim na pangkabihasnang pagkakaugnay na proto-istorikal ang Kanluran at Silangang “India” sapagkat ang Karagatang Pasipiko ang masasabing bumubuo ng sentrong kultural ng dalawang “India” na ito (Dussel 93–97). Sa gayon, sa mas pangmatagalang lenteng pangkasaysayan ay hindi maituturing na ganap na magkahiwalay ang tinawag ng mga Espanyol na “Silangang India” at “Kanlurang India.” Dahil dito’y maituturing ang “Indio,” sa pilosopikal na diskursong Europeo ng panginoon at alipin, bilang unibersal na ontolohikal na kategorya ng “alipin” ng unibersal na panginoong Europeo. Maalala rin ang pagbansag ni Hitler sa mga Slav ng Silangang Europa bilang mga “Indio” (*Indianer*) (Losurdo 123). Gayumpaman, napakahalagang banggitin dito ang obserbasyon ni Ferdinand Blumentritt na, mula naman sa punto de bista ng mga Amerikanong “Anglo-Saxon” na sumakop sa Pilipinas, ang mga lahing “may-kulay” (*die Farbigen*) nilang sinakop ay walang iba kundi isang uri lamang ng “*Nigger*” (*als eine*

Art Nigger betrachtet) (Blumentritt 241). Ang dalawang kataga para sa mga inalipin ng Europa ay ang ipinagtutumbas sa katawan ng Pilipino bilang “Indio” at bilang “Nigger.”

Ang “Indio” ay hindi maaaring humingi ng “pagkakakilanlan” (*recognition*, o *Anerkennung* sa wikang German) ng kanyang pagkatao (lalo na ang “pantay” na pagkatao) sa mga mananakop dahil sa kanyang pag-iral sa mata ng kaloobang Europeo bilang purong obheto o bagay ng pagsasamantala na tila isang hayop o mala-hayop (Williams 37). Ayon nga kay Rizal,

Nang nakaabot na ang pambubusabos sa mga naninirahin dito sa sukduhan, sa kawalan ng pag-asa, sa pandidiri sa sarili, hinangad nang bigyan sila ng huling bigwas upang maiwaksi na sa kanila nang buong-buo ang sariling loob at utak na nahihimbing, para gawin silang isang uri na lamang ng bisig, mala-hayop, hayop na pinapagtrabaho, tila isang pagkatao na walang utak at walang puso. At nailantad din kung ano ang nilalayon, ininsulto ang lahi, sinubukang iwaksi ang lahat ng taglay nitong mabuti, lahat ng katangian ng pagkatao, at may mga manunulat at pari na humigit pa rito, ninais nilang pabulaanan ang anumang kapasidad ng mga anak ng bayan, hindi lamang para sa anumang bagay na mabuti, kundi pati ang anumang pagkahilig sa bisyo. (“Filipinas” 137; *Llegados a este estado el rebajamiento moral de los habitantes, el desaliento, el disgusto de sí mismo, se quiso dar entonces el último golpe de gracia, para reducir a la nada tantas voluntades y tantos cerebros adormecidos, para hacer de los individuos una especie de brazos, de brutos, de bestias de carga, así como una humanidad sin cerebro y sin corazón. Entonces dijose, dióse por admitido lo que se pretendía, se insultó a la raza, se trató de negarle toda virtud, toda cualidad humana, y hasta hubo escritores y sacerdotes que, llevando el golpe más adelante, quisieron negar a los hijos del país no sólo la capacidad para la virtud, sino también hasta la disposición para el vicio.*)

Sa diyalektika ng pagkakakilanlan, tulad ng sa pagkakalahad ni Hegel, hindi maaaring magkaroon ng “magkabilaang pagkakakilanlan” sa pagitan ng kaloobang Europeo at ng Indio. Sa kasong ito, ang “amo” (*Herr*) na Europeo ay tumatanggap ng pagkilala mula sa “alipin” (*Knecht*) na Indio ngunit ang Indio ay hindi nakakatanggap ng pagkilala mula sa kaloobang Europeo. Ang amo ay ang “kamalayang nagsasarili” (*selbständiges Bewußtsein*) samantalang ang alipin ay ang “kamalayang hindi nagsasarili” (*unselbständiges Bewußtsein*) sapagka’t nakasalalay sa kamalayan ng amo (Hegel, *Phänomenologie* 150).

Dulot nito’y walang maaaring maganap ditong tunay at magkabilaang pagkakakilanlan. Ayon nga kay Hegel, ang pagkakakilanlan dito ay “maka-isang-panig at hindi pantay” (*einseitiges und ungleiches Anerkennen*) (152). Wala ring tunay na damdamin ng pagsasakatuparan na mararamdaman ang amo sa ugnayan ng pagkakakilanlan na ito dahil hindi malaya ang kalooban ng aliping kumikilala sa kanya. Ngunit ang maaaring linawin dito ay kung ano ba talaga ang katangian ng ugnayang ito sa pagitan ng amo at ng alipin? Isa ba itong “maka-isang panig” (*einseitig*) na ugnayan o isa ba itong “hindi pantay” (*ungleich*) na ugnayan? Sa isang banda, nangangahulugan ang “maka-isang panig” na kinikilala ng alipin ang amo ngunit wala itong pagkilala sa kanya. Sa kabilang banda, nangangahulugan naman ang “hindi pantay” na ugnayan na kapwa may pagkilala ang amo at alipin sa isa’t isa ngunit hindi lamang ito pantay. Ang unang kaso ay naglalarawan sa kalagayan ng Indio; ang ikalawang kaso ay naglalarawan naman sa kalagayan ng “Pilipino.”

Ang transpormasyon ng “Indio” patungong “Pilipino” ay maituturing na paglipat mula sa pagiging purong obheto na hindi maaaring gawaran ng pagkakakilanlan patungo sa pagiging suheto na naghahangad ng pagkakakilanlan. Dito lumilitaw ang bagong abot-tanaw ng “Pilipino” na may kaloobang nagsasarili’t makabayan. Mula sa pagiging “Indio” ay naglunsad ang mga malalayang “Pilipino” ng isang dakilang proyekto ng pagtatatag ng Pilipinas bilang isang bansa. Ngunit dahil sa walang katapusang pagsisikap nitong “maiwasto” ang pagmamaliit ng mga mananakop sa mga “Indio” at sa paghahangad nito ng “pagkakakilanlan” bilang bansa ay lumitaw ang katangiang “reaktibo” sa kaloobang makabayan ng mga Pilipino. Maaaring kilalanin ng mananakop (o dating mananakop) ang “pagkatao” ng Pilipino, maaari nilang “turuan” ang mga ito ng pamamahala sa sarili, maaari nilang “bigyan” ang mga ito ng ilang karapatan, maaari nilang “regaluhan” ang mga ito ng kalayaan isang araw, maaari nilang kilalanin ang bansang itatag ng mga Pilipino bilang miyembro ng internasyonal na komunidad ng mga bansa. Ayon kay Harfouch, “sa isang hakbang na kontra sa sarili, ang mga antokolonyal na makabayang kalooban, na nagrereklamo tungkol sa hegemonya ng ‘Kanlurang kolonyalista,’ ay muling nagpapatatag ng hegemonya ng sentrong kolonyal sa pamamagitan ng masugid na paghahangad ng kanilang pagkilala”

(143; *In a self-subverting move, the anti-colonial nationalist subject(s), who bemoan the hegemony of the "Colonial West," reaffirms the hegemony of the Colonial center by seeking their recognition*). Pinakamalalang larawan ng hindi pantay na pagkakakilanlan na ito ay ang pagtingala paitaas ng kumikilalang alipin sa hinahangaang amo, samantalang nakatangin naman pababa ang panginoon na nagbibigay ng pagkilala sa alipin na parang isang gawad na nagmumula sa kanyang bukal na kagandahang loob.

Binansagan ng historyador na si Zeus Salazar na “reaktibo” ang ganitong mentalidad dahil nakatanaw ito sa negasyon ng o “paghihindi” sa mga pagmamaliit ng kaloobang Europeo (Guillermo, *Pook* 51–59). Kaiba sa “Pilipino,” hindi maaaring maging “reaktibo” ang “Indio” bilang isang purong obheto ng manipulasyon at dominasyon ng kaloobang Europeo. Natutuon ang kaloobang Pilipino sa ganitong mga akto ng negasyon dahil sa hangarin nitong mabigyan ng pagpapahalaga at pagkakakilanlan sa wakas ng kaloobang Europeo na siyang parehong umalipin sa Indio. Klasiko na rito ang mga halimbawa ni Salazar. Maaaring maisagawa ang isang uri ng negasyon sa paraan ng paghindi sa sinasabi ng mga Europeo samantalang tinatanggap at pinapagtibay pa rin ang kanilang mga sistema ng pagpapahalaga tulad ng makikita sa pangungusap na, “Hindi totoo na wala kaming kakayahan sa siyensya tulad ng sinasabi ninyong mga Europeo, kaya rin naming lumikha ng mga dakilang siyentista tulad ninyo.” Maaari rin itong maisagawa sa pamamagitan ng pagtanggap sa sinasabi ng mga Europeo habang hinihindian ang kanilang sistema ng pagpapahalaga na makikita sa pangungusap ng, “Tama kayo, maka-relihiyon nga kami, kung may siyensya kayong mga Europeo ay may ispiritwalidad naman kami.” Sa anumang paraan, paghihindi o negasyon lamang ang mga pahayag na ito sa kaloobang Europeo. Hindi madaling makaalpas sa ganitong diyalektika. Kahit ang naghahangad makatakas sa sistema ng mga negasyong ito ay madalas nakukulong pa rin dito. Halimbawa’y ang estratehiya ng sabay na pagtanggap kapwa sa pahayag ng mga Europeo at paghindi sa kanilang sistema ng mga pagpapahalaga na makikita sa pangungusap na, “Hindi tamang sabihin na hindi kami ‘siyentipiko,’ sa katunaya’y hindi nababagay ang isang Kanluraning kategorya tulad ng ‘siyensya’ para sa amin.” Sa ganitong paraan ay mistulang

tinalikdan na ng kaloobang makabayan ang kaloobang Europeo. Ngunit reaktibo pa rin ito. Ang “pagtalikod” mismo ay reaktibo. At maging ang sapilitan o pagkunwaring “paglimot” ng pagtalikod na ito ay reaktibo rin. Naiiwan sa mga akto na ito ang hindi maalpasang anino ng tinalikdan at sinisikap malimutan. Tulad ng lahat ng iba pang estratehiyang reaktibo, nakapaloob pa rin at hindi makalaya ang makabayang abot-tanaw na ito sa loob ng absolutong abot-tanaw ng kaloobang Europeo. Nagkakaanyo lamang ang huling estratehiyang ito bilang iba’t ibang uri at anyo ng “natibismo” o “kulturalismo” mula sa pinaka-krudo hanggang sa pinaka-sopistikado.

Ang “Pilipino” na hindi ganap na makaalpas sa reaktibong diyalektika ng pagkakakilanlan ay may “Indio” na mananatili sa kanyang kalooban. Nangangahulugan ito na maaari siyang mabigo at mahulog sa katayuan ng isang hindi nakakatanggap ng pagkakakilanlan, isa siyang hindi nararapat bigyan ng pagkakakilanlan. Itong “Indio” sa kalooban ng “Pilipino” ang paksain ng maraming sulatin ni Renato Constantino (1978) tungkol sa tinatawag niyang “kolonyal na mentalidad.” Lagi itong masasaklaw ng unibersalismo ng kaloobang Europeo na hindi nito kailanman seryosong mahahamon sa antas din ng unibersal.

Sa kabila ng ganitong mga limitasyon, mahalaga ang mga pakikibakang anti-kolonyal para sa pambansang kalayaan at kasarinlan. Kinakailangan ang sandaling pangkasaysayang ito. Wasto ang pagdidiin ni Losurdo sa pangangailangang magtatag ang dating mga kolonya ng mga nagsasariling bansa na may mauunlad at sustenableng mga ekonomiya sa loob ng balangkas ng paghahangad ng pagkakakilanlan (Losurdo 21). Gayumpama’y masasabing naramdaman na rin nina Rizal kahit noon pa man ang mga limitasyon ng payak na pagtawid mula “Indio” patungong “Pilipino.” Maaaring isa ito sa mga dahilang tumulak kay Rizal na isulong ang kanyang konseptong “Malayo Filipino” (Curaming 331; Salazar, “Orang-orang Indio” 167–82). Makikita sa pariralang ito ang dalawang posibleng direksyon. Ang una ay ang pagpasok ng pagka-“Melayu” sa loob ng pagka-“Pilipino” bilang bahagi o sangkap ng identidad nitong pangkasaysayan mula sa malayong nakaraan tungo sa pagbubuo ng nagsasariling bansa (gagamitin na rito ang “Melayu” imbes na “Malayo” o “Malay”). Ang ikalawang direksyon naman ay

ang pagpapaloob ng “Pilipino” sa loob ng Dunia Melayu bilang isang posibleng proyektong panghinaharap na lumalampas sa hangganan ng pagkabansa. Makikita sa ikalawang direksyon na ito ang pagsisikap na malampasan ang mga hangganan ng limitadong anyong-bansa. Ang katagang “Pilipino” sa pariralang “Melayu-Pilipino” ay tumutukoy sa anyong-bansa samantalang mahihinuhang tumutukoy ang “Melayu” sa imahinaryong lumampas sa bansa at umuunat patungo sa unibersal.

Sa mga sanaysay na “Ang Katamaran ng mga Pilipino” (1889–90) at “Ang Pilipinas sa Loob ng Isang Dantaon” (1890), nagbigay si Rizal ng ilang pangunahing katangian ng lahing Melayu at/o Melayu-Pilipino (Rizal, “Filipinas” 136–65; “Sobre la indolencia” 226–61). Unang-una, ayon sa kanya’y “madamdamin” ang mga Orang Melayu at hindi matatanggap o malilimot ang anumang pagyurak sa kanyang dangal. Terminong Espanyol ang ginamit ni Rizal dito na “*amor propio*,” pero higit na malamang ay nasagap niya ang ganitong obserbasyon mula sa mga British na mananakop sa Malaya. Paulit-ulit na binabanggit sa kanilang mga sulatin ang diumanong katangian ng mga Melayu ng pagiging “sensitibo” o “madamdamin” (Featherman 421; McNair 203; Mee 442; Swettenham 139). Hanggang ngayon ay bahagi pa rin ito ng mga usap-usapan hinggil sa mga diumanong katangian ng lahing Melayu sa mga Malaysian mismo. Madalas binabanggit kaugnay nito ang kasabihang, “Luka boleh sembuh, parutnya tinggal juga” (Sugiarto 129; Maaaring maghilom ang sugat, ngunit nananatili ang peklat). Ang ikalawang katangian naman ng mga Melayu ay ang pangyayaring laging nabibigo ang pagsisikap ng mga mananakop na gawin silang mga hayop dahil laging lumilitaw at naggugumiit ang kanilang pagkatao Ayon nga kay Rizal, “ang pagsasahayop ng mga Malayo-Filipino ay napatunayan nang imposible” (“Filipinas” 145; *El embrutecimiento de los malayos filipinos se ha demostrado ser imposible*). Maaalala rito kung paano binansagan ni Frantz Fanon ang proyektong kolonyalista ng Europa sa Africa bilang proseso ng *animalisation* ng kanilang mga inalipin (44). Ikatlo’y hindi maaaring maubos ang kanilang lahi katulad ng ibang mga bayang nasakop ng mga Europeo. Marahil naiisip dito ni Rizal ang mga gera ng eksterminasyon na inilunsad ng mga mananakop na puti sa mga “katutubo” ng Amerika, Australia, at New Zealand (Losurdo

164). Ito'y maihahawig sa kasabihan ng maalamat na bayaning Melayu na si Hang Tuah na, "Takkan Melayu hilang di dunia" (Hindi kailanman maglalaho ang mga Melayu sa daigdig). Panghuli'y mga aktibo rin silang mangangalakal at manlalakbay. Sa madaling salita, batay sa mga katangiang inihanay ni Rizal ay hindi kailanman maiwawaksi ng kolonyalismo ang pag-iral ng Orang Melayu, at kasama na rito ang Pilipino. Hindi sila maaaring gawing purong pasibong obheto ng pagsasamantala ng mga mananakop. Sa gayo'y sa kabila ng masugid na proyekto ng pagwawaksi sa kanilang pagkatao ng mga mananakop ay hindi sila maaaring manatiling "Indio" magpakailanman.

Interesante sa gayon kung paano nahanap ni Rizal ang hindi masasaid na bukal ng pagugumiit ng "dangal ng pagkatao" ng mga Pilipino sa kanilang pagiging "Melayu." Ang pagka- Melayu ng mga Pilipino ang garantiya ng kanilang hindi maiiwaksang "pagkatao" sa unibersal na pakahulugan nito. Sa madaling salita, hindi ang anumang diumanong natatanging partikularidad o katangi-tanging kakanyahan ng dugo o lahi ng Orang Melayu ang nakita ni Rizal, kundi ang makapangyarihan at hindi maiwawaksing pagugumiit ng unibersal na pagkatao. Samakatwid, tumitibok sa puso ng "Melayu" ang unibersalidad. Simptomatiko rito ang isinalaysay ni Austin Coates hinggil sa itinatag ni Rizal na organisasyon sa Paris na tinawag na Indios Bravos. Diuomo'y mayroong lihim na grupo sa loob nito na binansagang "Rd.L.M." na nangangahulugang "Redención de los Malayos" (Katubusan ng mga Melayu) (175). Mahalagang maalala rito na ang "Indio" at ang "Melayu" ay kapwa mga kategoryang umaalpas sa makitid na pambansang mga hangganan. Kung maituturing ang "Indio" bilang unibersal na obheto ng dominasyon ng kaloobang Europeo, ang "Melayu" naman ang unibersal na prinsipyo rin na maaaring humamon sa unibersalidad ng modernong kaloobang Europeo. Magkabilang mukha sila ng iisang unibersal na kasaysayan.

Mababanaag sa paggamit ni Rizal sa konseptong "Melayu" ang pagsisikap umunat ng kanyang kamalayan tungo sa unibersal kahit pa ang wika niyang ginamit sa pagpapahayag nito ay ang kapos ngunit abot-kamay na wika ng lahi. Maihahambing dito ang ideya ng Mehikanong manunulat na si Jose Vasconcelos ng "raza cosmica" na bunga daw ng paghahalo-halo o *mestizaje* ng mga lahing "Itim," "Indio," "Puti" at "Mongol" sa Latin America. Ito, diuomo,

ang magiging tunay na unibersal na lahi (*raza universal*). Ipinapakita nito kung paanong ang rasistang unibersalismo ng mga mananakop na Europeo ay maaaring tugunan sa pamamagitan din ng alternatibong rasistang unibersalismo ng mga sinakop. Maraming suliranin dito. Halimbawa, sa pinakamalawak at ispekulatibo na pagpapakahulugan ni Rizal sa lahing Melayu ay ipinagsama-sama niya sa lahing ito ang mga taga-Borneo, taga-Siam, taga-Cambodia, at mga taga-Japan upang lalong idiin ang pagkakaiba ng mga ito sa mga taga-China (Rizal, “Sobre la indolencia” 226– 61). Lalo’t higit pa’y hindi niya isinasama o posibleng maisasama sa ispekulatibo niyang konsepto ng “Melayu” ang mga Negrito o Aeta (Aguilar 620). Delikadong bagay ang paggamit ng mga categoryang panglahi at hindi rin ganap na nakalampas si Rizal sa mga rasistang bitag nito. Sa kabila nito’y sinisikap ditong basahin ang categoryang Melayu hindi bilang isang biyolohikal at panglahing categorya kundi bilang isang prinsipyo ng unibersalidad na maaaring humamon sa kaloobang Europeo sa parehong antas na unibersal, bagay na hindi magagawa sa antas lamang ng anyong-bansa na nakakulong sa diyalektika ng pagkakakilanlan. Sa antas ng unibersal lamang maaaring umalpas ang “Indio” at, pagkaraan, ang “Pilipino” sa reaktibong diyalektikang ito.

Gayumpama’y may mahalagang maidaragdag pa rito kaugnay ng diumanong katangiang Melayu bilang likas na mandaragat at manlalakbay. Sa kanyang liham kay Blumentritt na may petsang 9 Marso 1887, sinulat ni Rizal, “Nasa dugo ko ang *Wanderungslust* ng mga Orang Melayu” (*Cartas* 89; *ich habe noch in meinem Blut die Wanderungslust der Malaien*). Interesante ito dahil binanggit niya ang isang salitang German na ginagamit upang ilarawan ang diumanong katangian ng mga German na nahihilig sa paglalakbay. Hindi na gaanong ginagamit ang salitang *Wanderungslust* sa kontemporaneong wikang Aleman; higit na karaniwan ang *Wanderlust* o *Fernweh*. Tila isinasalin ni Rizal dito sa wikang Aleman ang terminong Melayu na *merantau*.

Magpahanggang-ngayon ay inaangkin ng mga Orang Melayu ang *jiwa merantau* (diwa ng paglalakbay) bilang diumanong integral na bahagi ng kanilang identidad na panglahi at pambansa. Nangangahulugan ang *merantau* ng paglalakbay, paglalayag, at pandarayuhan upang makamit ang karanasan,

kaalaman, at kaginhawahan sa buhay. Kadalasang iniuugnay ito sa pagiging mga mandaragat ng mga Orang Melayu. Natural, maaaring mahulog muli rito sa malabong larangan ng mga mitolohiyang pambansa. Gayumpaman, ang mas mahalaga rito ay hindi kung likas nga talaga sa mga Orang Melayu ang *jiwa merantau* kundi ang maaaring sinisimbolo nito.

Maiuugnay rito ang bukod-tanging modernong mitolohisasyon na umiinog sa pagkatao ni Enrique de Malacca sa Malaysia. Binigyan siya noong 1958 ng pangalang “Panglima Awang” sa isang pangkasaysayang nobelang may parehong pamagat ni Harun Aminurrashid, isang gurong Melayu sa Singapore. Mula noon ay lumaganap na ang paggamit ng pangalang ito sa Malaysia na maituturing na kahawig na pagtatanghal sa leyenda ni Wilhelm Tell sa Switzerland (Guillermo, *Translation* 23). Gayumpaman, may mga pagtatangka rin ang ilang manunulat at mananaliksik na Pilipino at Indonesian na angkinin si Enrique para sa kani-kanilang mga bansa (Quirino; Setiawan). Hindi na rito mahalaga kung ang binansagan ng mga Malaysian na Panglima Awang ay isa nga sa mga unang nakaikot sa daigdig, o kung siya nga ang maituturing na pinakauna sa lahat, ang mahalaga sa kasong ito ay ang ibig sabihin ng panggigiit at paniniwalang ito. Ano ang ibig sabihin kung isang Orang Melayu nga ang isa sa mga unang nakagawa ng sirkumnabigasyon ng daigdig? Lampas sa nasyonalistang tunggalian ng mga Malaysian, Indonesian, at Pilipino para angkinin si Enrique, lampas sa mga nagdedeliryong pantasya ng mga ultranasyonalista katulad ni Ibn Parfahn na pinuna ni Salazar (“Beyond the Nation”), maaari kayang mabasa rito ang isang alternatibong kasaysayan ng unibersalismo na makakahamon sa dominanteng unibersalismo ng kaloobang Europeo?

Kung bibigyan ng pakahulugan ang “Melayu” sa diskurso ni Rizal bilang simbolo ng alternatibong unibersal, mababasa ang magkakasunod na tatlong kategorya na Indio–Pilipino– Melayu bilang seryeng may tatlong sandali. Ang una ay ang sandali ng pamamayani ng limitadong unibersalismo ng kaloobang Europeo sa ibabaw ng itinuturing nitong unibersal na obheto ng pang-aalipin na binansagan nitong “Indio.” Ang ikalawa naman ay ang sandali ng nagsasariling bansang Pilipinas na naghahangad ng pagkakakilanlan at naghahanap ng lugar sa sistemang internasyonal na dinodolina pa rin

ng mga Anglo-Europeong bansa. Ang ikatlo’y ang sandali ng paglitaw ng isang alternatibong unibersalismo na sinisimbolo ng “Melayu” na maaaring humamon at humigit sa limitadong unibersalismo ng modernong kaloobang Europeo na isinilang noon pang 1521.

Maihahambing ang dalawang huling elemento ng seryeng ito na bumubuo sa tambalang “Pilipino–Melayu” sa tambalang “Lapulapu–Panglima Awang.” Si Lapulapu ang tumatayo para sa pambansang prinsipyo na pumutol at humadlang sa unang sirkumnabigasyon ng daigdig ng mga Europeo, samantalang kinakatawan naman ni Panglima Awang ang unibersal na prinsipyo ng alternatibong sirkumnabigasyon ng daigdig. Sumisimbolo sila ng dalawang paraan ng paghamon sa dominasyong Europeo, ang una’y ang pag-iral at pagpupumiglas ng partikular na bansa sa mapanaklaw na absolutong abot-tanaw ng kaloobang Europeo, samantalang ang ikalawa’y ang paghamon ng isang sumisilang na alternatibong unibersalistang abot-tanaw sa namamayaning absoluto ngunit limitadong abot-tanaw ng modernong kaloobang Europeo. Ang alternatibong unibersal na ito ay hindi kasingkitid ng nauna ritong rasistang unibersalismong Europeo. Sakop nito kapwa ang Europa at ang mas masaklaw na daigdig ng higit na nakararami sa daigdig. Gayumpaman, hindi ito nangangahulugan na ito na ang magiging huling unibersal sa kasaysayan ng tao. Sinulat ni Samir Amin,

Nananatili ang pagpipilian: ang tunay na unibersalismo na kinakailangang sosyalista o ang Eurosentrikong kapitalistang barbarismo. Nasa dulo ng mahabang lagusan ang sosyalismo. Unawain natin ito bilang isang lipunan na naresolba ang ipinamang hindi pantay na pag-unlad ng kapitalismo at kasabay na nagbibigay sa lahat ng tao sa planetang ito ng higit na kapangyarihan sa kanilang panlipunang pag-unlad. Magiging superyor lamang ang lipunang ito sa atin kung ito ay magiging pandaigdigang, at kung ito ay makapagtatag ng isang tunay na unibersalismo na nakabatay sa ambag ng lahat, mula sa mga taga-Kanluran man o sa mga dumanas ng naiibang landas pangkasaysayan. (216; *The choice remains: true universalism that is necessarily socialist or Eurocentric capitalist barbarism. Socialism is at the end of this long tunnel. Let us understand by this a society that has resolved the legacy of the unequal development inherent to capitalism and has simultaneously given all human beings on the planet a better mastery of their social development. This society will be superior to ours only if it is worldwide, and only if it establishes*

a genuine universalism, based on the contributions of everyone, Westerners as well as those whose historical course has been different.)

Kongklusyon

Maaaring tumingin sa iba pang mga posibleng pormulasyon ng mga tambalang Pilipino-Melayu o Lapulapu-Panglima Awang. Halimbawa’y maaaring balikan dito ang kathang-isip na “Taman Manusia” (“Hardin ng Tao”) na inilathala ng komunistang Indones na si Tan Malaka (1897–1949) noong 1943 (87–121). Ayon sa kanya, kapag napaalis na ang mga mananakop na Europeo sa Asia ay maitatatag sa hinaharap ang hinihirayang malayang bansang Indonesia Raya (o Malaking Indonesia) na sumasaklaw, ngunit hindi nalilimita, sa kasalukuyang mga bansang Pilipinas, Indonesia, at Malaysia (Tulad ni Rizal ay naisip ding isama ni Tan Malaka sa kabuuang ito ang Burma, Siam, at dagdag pa, Vietnam [94]). Samakatwid, isa itong bersyon ng kabuuang Melayu na hinangad nina Rizal at Apolinario Mabini noong ikalabinsiyam na dantaon. Ang binansagan ni Tan Malaka na “*Taman Manusia*” na itatayo sa bawat malaking pulo ng Indonesia Raya ay magtaglay ng dalawang bundok. Ang una, na binansagang “bahaging internasyonal” (*bagian internasional*), ay kumakatawan, o nagsisilbing representasyon, ng unibersal na kasaysayan ng sangkatauhan, samantalang ang ikalawa, na pinangalanang “bahaging nasyonal” (*bagian nasional*), ay naglalarawan naman sa kasaysayan ng Indonesia Raya. Isinasalaysay ang mga kasaysayang ito sa pamamagitan ng mga hanay ng mga monumento ng mga bayani ng sangkatauhan at ng Indonesia Raya na itatayo mula sa paanan hanggang sa tuktok ng mga bundok.

Makikita sa pinakatuktok ng bundok na Indonesia Raya ang dalawang monumento nina Jose Rizal at Andres Bonifacio. Itinuring ni Tan Malaka ang dalawang ito bilang pinakarurok ng pagkabayani sa kasaysayan ng Indonesia Raya (115). Sa kabilang bundok na internasyonal naman ay makikita sa tuktok ang dalawang monumento nina Karl Marx at Friedrich Engels. Mauunawaan ang dalawang bundok na ito ng Taman Manusia bilang representasyon ng pagsanib ng unibersal at ng pambansa sa loob ng Indonesia Raya mismo. Ibig sabihin, maituturing ang mas komplikadong tambalan ng mga tambalan

nina Rizal at Bonifacio sa isang banda, at nina Marx at Engels sa kabilang banda, bilang isa pang bersyon ng mga tambalang Pilipino–Melayu o Lapulapu–Panglima Awang na tulad ng mga tambalang ito ay nag-uugnay at nagsasanib ng partikular sa isang banda, at ng unibersal sa kabilang banda. Si Panglima Awang at ang tambalan nina Marx at Engels ang tumatayong mga simbolo para sa alternatibong unibersal na maaaring humigit sa mga hangganan ng eurosentrikong daigdig. Sa madaling salita, representasyon ang mga tambalang ito ng “kongkretong unibersal” (Guillermo, “Kritika” 66–78; Losurdo 185). Gayumpaman, malinaw para kay Tan Malaka na ang partikular ay may taglay din na unibersal at vice versa. May interpenetrasyon ang unibersal at partikular. Halimbawa’y hinggil sa tambalang Rizal–Bonifacio, binanggit niya sa kanyang akda na si Rizal ang nasa bandang unibersal (bilang isang binansagang “unibersal na henyó”), at si Bonifacio naman ang higit na nasa bandang pambansa (116). Sa kabilang banda naman, hindi matatanggihang taglay nina Marx at Engels, bilang dalawang Europeo na nakalubog at nakaugat sa ikalabinsiyam na dantaon, ang mga limitasyon at hangganan ng kanilang panahon na kailangang maigpawan ng susunod na mga palaisip sa labas ng Europa.

Para kay Tan Malaka, hindi mahahamon ng mga indibidwal na bansa lamang ang dominanteng global na sistemang kapitalista. Epektibo lamang itong mahahamon, sa kanyang palagay, tulad ng iba pang mga Asyanong rebolusyonaryo na sina Ho Chi Minh (1890–1969) at Mao Zedong (1893–1976), sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga sintesis ng pambansa at ng unibersal na magsisilang ng bagong unibersalismong sosyalista. Tinatanggihan ng ganitong unibersalismong sosyalista ang “kapitalistang realismo” na naniniwala na ang kaisa-isang landas ng “pag-unlad” ay yaong binagtas na ng mga bansang Euro-Amerikano na kailangan nalamang bulag na sundan ng iba pa. Tinatanggihan din nito ang alinmang anyo ng “kapitalistang romantismo” na naniniwalang maiwawaksi o malulusaw ng “kultura” ang mga panloob na kontradiksyon ng sistemang pang-ekonomiyang ito. Katapat ng mga ethos ng “realismo” (o “sinisismo” sa gamit ni Marx) at “romantismo” ng kulturalismo ay iniharap nito ang “komunistang” ethos

ng proyekto ng unibersalismong sosyalista sa ikadalawampu't isang dantaon (Guillermo, “Ang Dalawang Piging” 182–225).

Maituturing na kasama sa pangmatagalang proyektong ito ang Kumperensyang Bandung (18–24 Abril 1955) noong panahon ni Sukarno. Kasama rin dito ang darating pang mga Bandung sa hinaharap, na bubuuin ng mga kababaihan at kalalakihan mula sa Asia, Africa, at Latin America ngayong ikadalawampu't isang siglo. Alinsunod sa kaisipan ng pilosoper na Vietnamese na si Tran Duc Thao (1917–93) (886), hindi talaga posible ang anumang “pagsasanib” (o “sintesis”) ng mga abot-tanaw (*Horizontverschmelzung*) sa pagitan ng unibersalistang abot-tanaw ng umiiral na global na kapitalistang sistema at ng sumisilang na mga alternatibo ngunit unibersalista ring mga abot-tanaw (Taylor 253). Hindi rin posible ang anumang hinaharaya ng ilang mga liberal na “dialogo ng mga sibilisasyon” dahil walang linggwaheng maaaring maging komon sa dalawang ito (Thao 886). Ayon nga kay Thao, isa itong “radikal na hindi pagkakaintindihan” (*un malentendu radical*). Sa isang banda, hindi kailanman mabibitiwan ng kaloobang Europeo ang pagkaunawa sa kasaysayan bilang isang “pag-unlad-sa-loob-ng-sistemang-Europeo” (*progrès-à-l'intérieur-du-système*), samantalang, sa kabilang banda, mababatid ang pinakamatinding mithiin na umalpas at humigit sa mismong abot-tanaw na ito. Ito'y dalawang unibersalistang abot-tanaw na magkasalungat at hindi kailanman maipagtatagpo. Ngunit may darating pang mga Bandung at hindi pa natatapos ang kasaysayan. Sa hinaharap ay baka ganap nang magtagumpay sina Lapulapu at Panglima Awang.

Tala

1. Binasa ang papel na ito sa Philippine International Quincentennial Conference (Closing Session on Manifesting and Asserting a Filipino Point of View) noong 16 Disyembre 2021.

Mga Sanggunian

- Adorno, Theodor and Max Horkheimer. *Dialektik der Aufklärung. Philosophische Fragmente*. Querido Verlag N.V., 1947.
- Adorno, Theodor. *Minima Moralia. Reflexionen aus dem Beschädigten Leben*. Suhrkamp Verlag, 1951.
- Aguilar, Filomeno V. "Tracing Origins: 'Ilustrado' Nationalism and the Racial Science of Migration Waves." *The Journal of Asian Studies*, tomo 64, blg. 3, 2005, pp. 605–37. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/25075827.
- Ahmad, Aijaz. "Jameson's Rhetoric of Otherness and the 'National Allegory.'" *Social Text*, tomo 17, 1987, pp. 3–25. *JSTOR*, <https://doi.org/10.2307/466475>.
- Amin, Samir. *Eurocentrism: Modernity, Religion, and Democracy. A Critique of Eurocentrism and Culturalism*. Monthly Review P, 2009.
- Benjamin, Walter. *Hinggil sa Konsepto ng Kasaysayan*. Salin ni Ramon Guillermo, High Chair, 2013.
- . *Tableaux Parisiens*. Inedit nina Antonia Birnbaum at Michael Metayer, Suhrkamp Verlag, 2017.
- Blumentritt, Ferdinand. "Volkerpsychologisches in der Philippinenfrage." *Deutsche Rundschau*, tomo 99, 1899, pp. 234–41.
- Chakrabarty, Dipesh. *Provincializing Europe*. Princeton UP, 2000.
- Coates, Austin. *Rizal, Philippine Nationalist and Martyr*. Oxford UP, 1968.
- Constantino, Renato. *Neocolonial Identity and Counter Consciousness*. Merlin Press, 1978. Curaming, Rommel. "Rizal and the Rethinking of the Analytics of Malayness." *Inter-Asia Cultural Studies*, tomo 18, blg. 3, 2017, pp. 325–337. *Taylor & Francis Online*, <https://doi.org/10.1080/14649373.2017.1345348>.
- Derrida, Jacques. *Of Grammatology*. Salin ni Gayatri Chakravorty Spivak, Johns Hopkins UP, 1976. Dussel, Enrique. *1492: El encubrimiento del Otro. Hacia el origen del "mito de la Modernidad"*. Plural Editores, 1994.
- Fanon, Frantz. *Les Damnés de la terre*. Éditions La Découverte/Poche, 2002.
- Featherman, A. *Social History of the Races of Mankind*. Second Division: Papuo and Malayo Melanesians, London, 1887.
- Ferriols, Roque. *Pambungad sa metapisika*. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila U, 2002.
- Guillermo, Ramon G. "Ang Dalawang Piging ng Kapitalistang Modernidad." *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan, Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, inedit nina Atoy Navarro, et al., Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan/Bagong Kasaysayan, 2015, pp. 182–225.
- . "Kritika ng Kritika ng Post-Kolonyalismo: Ang Abstraktong Unibersalismo ni Vivek Chibber." *AKDA*, tomo 2 blg. 1, Abr. 2022, pp. 66–78.

- . “Moral Forces, Philosophy of History, and War in Jose Rizal.” *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, vol. 60, no. 1, 2012, pp. 5-32.
- . *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. U of the Philippines P, 2009.
- . *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal’s Guillermo Tell*. Ateneo de Manila UP, 2009.
- Habermas, Jürgen. *The Theory of Communicative Action. Volume 1. Reason and the Rationalization of Society*. Salin ni Thomas McCarthy, Beacon Press Books, 1981.
- Harfouch, Ali S. “Hegel, Fanon, and the Problem of Recognition.” *Frantz Fanon and Emancipatory Social Theory: A View From the Wretched*, inedit nina Dustin J. Byrd, Seyed Javad Miri. Brill, 2020, pp. 139-151.
- Harun Aminurrashid. *Panglima Awang*. Pustaka Melayu, 1966.
- Hegel, Georg Wilhelm Friedrich. *Phenomenology of Spirit*. Oxford UP, 1977.
- . *Wissenschaft der Logik I [Science of Logic]*. Tomo 1, Suhrkamp Verlag, 2014.
- . *Phänomenologie des Geistes*. Suhrkamp Verlag, 1986.
- “Indias Occidentales.” *Diccionario panhispánico de dudas*, Real Academia Española, 2005, www.rae.es/dpd/Indias%20Occidentales.
- Kelsey, Harry. *The First Circumnavigators: Unsung Heroes of the Age of Discovery*. Yale UP, 2016. Losurdo, Domenico. *El marxismo occidental: Cómo nació, cómo murió y cómo puede resucitar*. Editorial Trotta, 2019.
- McNair, Frederick. *Perak and the Malays: “Sarong” and “Kris.”* London, 1878.
- Mee, Arthur, editor. *Harmsworth History of the World*. Tomo 1: Japan, Siberia, China. Carmelite House, 1907.
- Milner, Anthony. *The Malays*. John Wiley & Sons, 2008.
- Pigafetta, Antonio. *The First Voyage Round the World by Magellan. Translated from the Accounts of Pigafetta and Other Contemporary Writers*. Cambridge UP, 2010.
- Quirino, Carlos. “The First Man Around the World Was a Filipino.” *Philippines Free Press*, 28 Disyembre 1991.
- Rizal, José. *Cartas Entre Rizal y el Profesor Fernando Blumentritt. Primera Parte*. Comisión Nacional del Centenario de José Rizal, 1961.
- . *Escritos políticos e históricos por José Rizal*. Tomo 7, Comisión Nacional del Centenario de José Rizal, 1961.
- . “Filipinas dentro de cien años.” Rizal, *Escritos*, pp. 136–65.
- . “Sobre la indolencia de los filipinos.” Rizal, *Escritos*, pp. 226–61.
- . *Sucesos de las Islas Filipinas por el Doctor Antonio de Morga, obra publicada en Méjico el año de 1609 nuevamente sacada a luz y anotada (Events of the Philippine Islands by Dr. Antonio de Morga, published in Mexico in 1609 recently brought to light and annotated)*. José Rizal National Centennial Commission, 1961.

- Salazar, Zeus A. "Beyond the Nation: Pan Malaysianism and Ahmed Ibn Parfahn's 'Malayan Grandeur and Our Intellectual Revolution.'" Salazar, *The Malayan Connection*, pp. 213-236.
- Salazar, Zeus A. "Der Malaie als Indio: Jose Rizal und die Rassendiskriminierung in den kolonialen Philippinen des 19. Jahrhunderts." Salazar, *The Malayan Connection*, pp. 145-66.
- . "Malay, 'Malayan' and 'Malay Civilization' as Cultural and Anthropological Categories in the Philippines." Salazar, *The Malayan Connection*, pp. 111-144.
- . "The Malay World: Bahasa Melayu in the Philippines." Salazar, *The Malayan Connection*, pp. 81-108.
- . *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Palimbagan ng Lahi, 1998.
- Salazar, Zeus A. "Orang-orang Indio, Filipino, Melayu: Jose Rizal Sebagai Pejuang Kebangsaan Melayu." Salazar, *The Malayan Connection*, pp. 167-82.
- Setiawan, Andri. "Misteri Enrique de Malacca." *Historia*, 9 Abr. 2021, historia.id/politik/articles/misteri-enrique-de-malacca-PGaz2/page/1.
- Sloterdijk, Peter. *In the World Interior of Capital: For a Philosophical Theory of Globalization*. Polity P, 2005.
- Sugiarto, Eko. *Pantun dan Puisi Lama Melayu*. Khitah Publishing, 2015.
- Swettenham, Frank. *British Malaya*. John Lane, 1907.
- Tan Malaka. "Tungo sa Hardin ng Tao: 'Si Bonifacio ang Pinakauna, Hindi Lamang sa Pilipinas, Kundi sa Buong Indonesia, Oo, sa Buong Asia na Nanggaling sa, at Edukado Bilang, Proletaryado, na Nag-organisa ng mga Proletaryo.'" Salin ni Ramon Guillermo. *Social Science Diliman*, tomo 9, blg. 1, 2013, pp. 87-121.
- Taylor, Charles. "The Politics of Recognition." *Philosophical Arguments*, Harvard UP, 1995, pp. 225-56.
- Tran Duc Thao. "Sur l'Indochine." *Les Temps modernes*, tomo 5, 1946, pp. 878-900.
- Vasconcelos, José. *The Cosmic Race: A Bilingual Edition*. Johns Hopkins UP, 1997.
- Williams, Robert R. *Tragedy, Recognition, and the Death of God*. Oxford UP, 2012.
- Zweig, Stefan. *Magellan: Der Mann und seine Tat*. S. Fischer Verlag, 1983.